King County

Pagsubaybay sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng Batas (OLEO)

Marso 20, 2023

PARA KAY:	Patti Cole-Tindall, Sheriff, Tanggapan ng Sheriff ng King County (Tanggapan ng Sheriff)
CC:	Jesse Anderson, Undersheriff, Tanggapan ng Sheriff Jonathan Hoffman, Professional Standards Manager, Tanggapan ng Sheriff Karan Gill, Deputy Chief of Staff, Ehekutibong Tanggapan ng King County (King County Executive Office, KCEO) Anita Whitfield, Chief Equity and Inclusion Officer, KCEO
MULA KAY:	Tamer Abouzeid, Tagapangasiwa Pagsubaybay sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng Batas (Office of Law Enforcement Oversight, OLEO)
TUNGKOL SA:	Paggamit ng Mga Interpreter, Manual ng Mga Pangkalahatang Kautusan (General Orders Manual, GOM) 16.04.000 at GOM 6.00.000

Bilang tugon sa Internal na Imbestigasyon bilang IIU2022-175, sinuri ng OLEO ang GOM 16.04.000 sa Paggamit ng Mga Interpreter ng Tanggapan ng Sheriff. Gaya ng nakasaad sa liham ng OLEO sa Unit ng Mga Internal na Imbestigasyon noong Nobyembre 30, 2022, ang GOM 16.04.000 ay tumutugon sa ilang kinakailangan para sa kung kailan at paano gumagamit ng mga interpreter pero nalalapat lang ito, sa pangkalahatan, sa pag-interpret ng sign language para sa mga indibidwal na may problema sa pandinig, at hindi nito sapat na natutugunan ang mga protocol para sa pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na may limitadong kaalaman sa Ingles (limited English proficiency, LEP).

Bukod pa rito, alinsunod sa GOM 6.00.000 sa Paggamit ng Puwersa, inaatasan ang mga deputy na isaalang-alang ang mga balakid sa wika sa pagpapasyang gumamit at mag-modulate ng pisikal na puwersa. Gayunpaman, hindi sapat na naidedetalye ng patakaran ang mga resource ng access sa wika o ang mga protocol sa pag-uulat ng mga balakid sa wika at paggamit ng puwersa.

Para malinaw at maging consistent, ang Tanggapan ng Sheriff ay dapat gumawa at magpatibay ng matatag na patakaran sa access sa wika na naaayon sa mga alituntunin ng pederal, Ordinansa ng King County (KCC §2.15.030), mga kinakailangan para sa Access sa Wika at Mga Komunikasyon ng County, at pinakamahusay na kasanayan ng bansa. **Ibinabalangkas ng memo**

na ito ang mga rekomendasyon para sa pagbago sa patakaran ng Tanggapan ng Sheriff sa Kabanata 16 at 6 ng GOM para mapadali ang access sa wika ng mga indibidwal na may problema sa pandinig at LEP.

Bilang paghahanda sa paggawa ng mga rekomendasyon para sa mga pagbabago sa patakaran, sinuri ng OLEO ang mga patakaran sa access sa wika sa mga peer na hurisdiksyon pati ang pananaliksik sa pinakamahusay na kasanayan mula sa Departamento ng Katarungan,[i] International Association of Chiefs of Police,[ii] at Vera Institute for Justice.[iii]

Nang nilalayong tiyaking nasa oras at tama ang komunikasyon at access sa wika sa mga serbisyo ng Tanggapan ng Sheriff sa lahat ng indibidwal anuman ang kanilang pangunahing wika,[iv] pinagmulang bansa, o kapansanan, inilabas ng OLEO ang mga sumusunod na rekomendasyon:

REKOMENDASYON 1.

Itakda na magbigay ng mga serbisyo sa pag-interpret sa panahon ng anumang aktibidad para sa pagpapatupad ng batas na nauugnay sa isang indibidwal na may problema sa pandinig o LEP.

Sa kasalukuyan – at alinsunod sa RCW 2.43.120 – nagsasaad ang GOM 16.04.000 ng mga sitwasyon kung kailan dapat magpatawag ng sign language interpreter, ibig sabihin, para sa mga indibidwal na may problema sa pandinig. Walang ibinibigay ang patakaran na katulad na gabay kaugnay ng mga indibidwal na may LEP.

Ang rekomendasyon ng OLEO ay makipag-ugnayan sa isang interpreter para sa anumang aktibidad para sa pagpapatupad ng batas na nauugnay sa isang indibidwal na may problema sa pandinig o LEP, maliban na lang kung iba ang hihilingin ng indibidwal,[v] at para sa anumang interview sa isang menor de edad na may magulang, tagapangalaga, o custodian na may problema sa pandinig o LEP. Kung sakaling maaresto ang isang indibidwal na may problema sa pandinig o LEP, dapat ibinbin ang lahat ng interview hangga't walang access sa isang interpreter.

Inaalis ng rekomendasyong ito ang limitasyon na magpatawag lang ng interpreter kapag nauugnay ang pakikipag-ugnayan sa mga imbestigasyon ng krimen, at inaayon nito ang patakaran ng Tanggapan ng Sheriff sa mga alituntunin ng pederal at sa Ordinansa ng King County na nag-aatas na magkaroon ng patas na access sa wika sa lahat ng serbisyo.[vi] Bukod pa rito, bilang pagsunod sa kasanayan ng mga peer na hurisdiksyon, inirerekomenda ng OLEO na kapag na-dispatch ang Tanggapan ng Sheriff sa isang insidenteng kinasasangkutan ng isang indibidwal na may problema sa pandinig o LEP, magbibigay ng mga serbisyo sa pag-interpret sa mismong tagpo.[vii] Dapat makipagtulungan ang Tanggapan ng Sheriff sa Tanggapan sa Pagkakapantay-pantay at Katarungan sa Lahi at Lipunan ng County para magtakda ng protocol sa pag-dispatch ng mga kwalipikadong in-person na interpreter.[viii]

REKOMENDASYON 2.

Linawing dapat magpatawag ng interpreter para sa mga aktibidad para sa pagpapatupad ng batas anuman ang status ng indibidwal bilang biktima, testigo, o suspek.

Isinasaad ng kasalukuyang patakaran sa Kabanata 16 na dapat magpatawag ng sign language interpreter para sa isang biktima o testigo na may problema sa pandinig. Gayunpaman, malinaw ang batas ng estado na dapat magpatawag ng interpreter biktima, testigo, o suspek[ix] man ang isang indibidwal.

REKOMENDASYON 3.

Mag-codify ng mga karagdagang serbisyo ng interpreter para sa mga indibidwal na may LEP na higit pa sa linya para sa Wika ng AT&T.

Hindi nagbibigay ang kasalukuyang patakaran sa Kabanata 16 ng protocol para sa pag-interpret sa pamamagitan ng mga kwalipikadong in-person na interpreter o bilingual na deputy.[x] Inirerekomenda ng OLEO na (a) gumamit ng mga kwalipikadong interpreter, pati ng mga bilingual na deputy ng Tanggapan ng Sheriff, na sertipikado at may specialized na pagsasanay sa pag-interpret sa konteksto ng krimen sa ilalim ng batas, at (b) na isapriyoridad ang mga in-person na interpreter kaysa sa mga interpreter sa pamamagitan ng telepono.[xi]

Inirerekomenda ng OLEO na *gumamit* ng mga kwalipikadong in-person na interpreter kung sakaling may pag-aresto. Kung nakipag-ugnayan sa isang in-person na interpreter at hindi siya available, dapat itong idokumento ng mga miyembro at dapat silang gumamit ng interpreter sa telepono gaya ng linya para sa wika. Mandatoryo dapat ang kwalipikadong pag-interpret para sa pag-abiso tungkol sa mga karapatan sa ilalim ng saligang-batas, pag-interrogate, o pagkuha ng mga salaysay. Ang pinakamahusay na kasanayan ay magsalin at magbigay ng mga nakasulat na kopya ng mga babala sa Miranda rights para sa mga indibidwal na may problema sa pandinig o LEP, na nasa kanilang pangunahing wika, para matiyak ang katumpakan ng mga ito.[xii] May on-hand dapat na interpreter kung sakaling hindi mabasa ng indibidwal ang kanyang mga karapatan o may mga tanong siya tungkol dito.

Bukod pa rito, inirerekomenda ng OLEO na magbigay ng higit pang payo sa pag-interpret kasama ng mga babala sa Miranda rights[xiii] gaya ng sumusunod:

> "Kung mayroon kang problema sa pandinig o kung hindi Ingles ang pangunahin mong wika, may obligasyon ang Tanggapan ng Sheriff ng King County na alukin ka ng libreng interpreter, at ipagpapaliban ang mga mga interview hangga't walang interpreter."

REKOMENDASYON 4.

Palawakin ang mga pagbabawal sa kung sino ang hindi puwedeng maging interpreter at i-extend ito sa mga aktibidad para sa pagpapatupad ng batas na may mga nauugnay na indibidwal na may LEP.

Sa kasalukuyan, inaatasan ng GOM 16.04.025 ang mga deputy na huwag gumamit ng kaibigan o kapamilya para sa pag-interpret ng sign language. Para maging consistent, ang uring ito ng pagbabawal ay dapat i-extand sa lahat ng uri ng pag-interpret, hindi lang sa sign language.

Bukod pa rito, inirerekomenda ng OLEO na palawakin ang mga pagbabawal na ito para hindi isama ang mga kaibigan, kapamilya, boluntaryo, bystander, o anak sa pag-interpret sa anumang aktibidad para sa pagpapatupad ng batas, maliban na lang kung may dahilang nauugnay sa kaligtasan para kailanganin ng agarang komunikasyon. Ang anumang pag-uusap na gumagamit ng hindi kwalipikadong interpreter ay dapat i-record gamit ang isang camera na ikinakabit sa katawan o audio recording device (kung tatanggi ang third party o indibidwal na may LEP sa pag-record, dapat i-record ang pagtanggi). Ang anumang impormasyong makukuha ng isang hindi kwalipikadong interpreter ay dapat makumpirma ng isang kwalipikadong interpreter sa lalong madaling panahon. Dapat magpatupad ng karagdagang gabay sa pag-uulat para maidokumento ang anumang exigency at ang paggamit ng mga hindi kwalipikadong interpreter.

REKOMENDASYON 5.

Magdagdag ng patakaran at pamamaraan para sa pagtukoy sa pangunahing wika ng isang indibidwal.

Sa kasalukuyan, walang nakabalangkas na protocol para matulungan ang mga deputy na matukoy ang pangunahing wika ng isang indibidwal. May ilang peer na hurisdiksyon na nagbibigay sa mga deputy ng card na "I Speak (Nagsasalita Ako ng)," na ginawa ng Tanggapan ng County para sa Pagkakapantay-pantay at Katarungan sa Lahi at Lipunan para sa 36 na pinakaginagamit na wika sa County.[xiv] Makikipag-collaborate ang Tanggapan ng Sheriff sa Programa sa Access sa Wika ng County[xv] para i-adapt ang resource na ito para sa paggamit ng mga deputy at ibalangkas ang mga pamamaraan para sa pagtukoy ng pangunahing wika sa GOM 16.04.000.

REKOMENDASYON 6.

Idagdag ang wika sa paggamit ng mga alternatibong auxiliary aid at teletypewriter.

Gaya ng nakasulat, hindi nagbibigay ang GOM 16.04.000 ng gabay sa paggamit ng mga auxiliary aid.[xvi] Iniaatas ng mga alituntunin ng pederal na pagbigyan ang kahilingan ng isang may kapansanang indibidwal kaugnay ng alternatibong auxiliary, maliban na lang kung may ibang epektibong paraan ng komunikasyon.[xvii]

Inirerekomenda ng OLEO na magdagdag pa ng mga salita para bigyang-linaw na dapat pagbigyan ang mga kahilingan para sa mga alternatibong auxiliary aid. Dapat idokumento ang lahat ng ganoong kahilingan sa ulat ng deputy. Inirerekomenda rin ng OLEO na kung tatanggi ang isang miyembro sa kahilingan ng isang indibidwal na may problema sa pandinig na magkaroon ng alternatibong auxiliary aid para makipag-ugnayan, dapat itong idokumento ng miyembro at dapat niyang ipaliwanag ang pagtanggi sa kanyang ulat.

Bukod pa rito, para matiyak na patas ang access sa mga serbisyo,dapat linawin ng patakaran na adpat bigyan ang mga indibidwal na may problema sa pandinig ng access sa isang teletypewriter (TTY, na tinatawag ding telecommunication device para sa mga taong may problema sa pandinig, o TDD) para tumawag sa anumang sitwasyon kung saan may access dapat ang isang taong hindi nakakarinig sa isang telepono. Dapat ding tanggapin ng mga miyembro ang mga tawag sa telepono ng mga taong may problema sa pandinig sa pamamagitan ng Telecommunications Relay Service.[xviii]

REKOMENDASYON 7.

Magtakda ng mga karagdagang kinakailangan sa pag-uulat para maidokumento ang impairment sa pandinig o mga balakid sa wika.

Bagama't inaatasan ng GOM 16.04.030 ang mga deputy sa kasalukuyan na iulat ang paggamit ng sign language interpreter, inirerekomenda ng OLEO na palawakin ang mga kinakailangan sa pag-uulat para magsama ng dokumentasyon ng:

- pagkakaroon ng impairment sa pandinig o mga balakid sa wika;
- mga kahilingan para sa at paggamit o hindi pagbibigay ng mga auxiliary aid;
- paraan ng pagtukoy ng mga deputy sa pangunahing wika ng indibidwal;
- paggamit ng mga interpreter sa telepono gaya ng sa pamamagitan ng linya para sa wika;
- paggamit ng mga kwalipikadong interpreter; at
- paggamit ng sinumang kaibigan, kapamilya, boluntaryo, bystander, o anak bilang interpreter at ang kaugnayan nila sa interviewee.

REKOMENDASYON 8.

Susugan ang pagbibigay ng mga babala bago gumamit ng puwersa para atasan ang mga deputy na isipin kung may impairment sa pandinig o balakid sa wika ang isang indibidwal kaya nahihirapan siyang makaunawa o sumunod.

Inaatasan na ng GOM 6.00.000 ang mga miyembro na magpakilala, magbigay ng pasalitang babala, at magbigay ng makatuwirang pagkakataon para sumunod bago sila gumamit ng baril o iba pang may puwersang opsyon. Alinsunod sa kasanayan ng mga peer na ahensya,[xix] inirerekomenda ng OLEO na isama ang mga sumusunod na salita:

> "Dapat isipin ng mga miyembro na puwedeng may problema sa pandinig o balakid sa wika ang isang indibidwal na humahadlang sa pag-unawa niya sa mga command. Sa mga ganitong sitwasyon, dapat subukan ng mga miyembro na mag-isip ng ibang paraan para magbigay ng babala kung posible."

REKOMENDASYON 9.

Iatas na iulat ang presensya ng mga nakalistang katangian at kundisyon at ang epekto sa kritikal na pagpapasya kaugnay ng paggamit ng puwersa.

Sa kaka-publish lang na GOM 6.00.000 sa Paggamit ng Puwersa, inaatasan ang mga deputy na magsaalang-alang ng ilang katangian at kundisyon kasama ang mga balakid sa wika bago gumamit ng puwersa.[xx]

Gayunpaman, hindi isinasaad ng GOM 6.01.000 sa Imbestigasyon/Pag-uulat ng Paggamit ng Puwersa at Mga Seryosong Insidente kung kailan at paano idodokumento ang pagkakaroon ng mga ganitong katangian at kundisyon. Inirerekomenda ng OLEO na magtakda ng mga karagdagang kinakailangan sa pag-uulat para idokumento:

- ang pagkakaroon ng alinman sa mga katangian at kundisyong nakalista sa patakaran, lalo na para sa pagsusuring ito ng patakaran, at ang pagkakaroon ng balakid sa wika;
- ang anumang ibinigay na babala o command; at
- ang pag-unawa sa mga command na iyon.

---

[i] U.S. Department of Justice, "LEP Resource Guide for Law Enforcement (Departamento ng Katarungan ng U.S., Gabay sa Resource ng Mga May LEP para sa Pagpapatupad ng Batas)," n.d. https://www.dhs.gov/sites/default/files/publications/lep-resouce-guide-law-enforcement 0.pdf.

[ii] Bharathi S. Venkatraman, "Lost in Translation: Limited English Proficient Populations and the Police, (Nawala sa Pagsasalin: Mga Populasyong May Limitadong Kaalaman sa Ingles at ang Pulisya)" *Hepe ng Pulisya*, 73:4, 2006, International Association of Chiefs of Police, https://www.policechiefmagazine.org/lost-in-translation-limited-english-proficient-populations-and-the-police/?ref=b34840803136937f3b3e631e13395e51.

[iii] Susan Shah, Insha Rahman, at Anita Khashu, "Overcoming Language Barriers: Solutions for Law Enforcement (Pagtatagumpay sa Mga Balakid sa Wika: Mga Solusyon para sa Pagpapatupad ng Batas)," Vera Institute for Justice at Mga Serbisyo sa Pagpapatupad ng Batas na Nakatuon sa Komunidad ng Departamento ng Katarungan ng U.S., 2007, https://www.vera.org/publications/overcoming-language-barriers-solutions-for-law-enforcement at Susan Shah at Rodolfo Estrada, "Bridging the Language Divide: Promising Practices for Law Enforcement (Pagsasara sa Puwang sa Wika: Maiinam na Kasanayan sa Pagpapatupad ng Batas)," Vera Institute of Justice, 2009, https://www.vera.org/publications/bridging-the-language-divide-promising-practices-for-law-enforcement.

[iv] Tumutukoy ang "pangunahing wika" sa wika kung saan pinakaepektibo ang isang indibidwal sa pakikipag-ugnayan. (Pinagmulan ng pagpapakahulugan: Pangkalahatang Kautusan 5.20. ng Departamento ng Pulisya ng San Francisco)

[v] Tingnan ang Rekomendasyon 6 para sa talakayan tungkol sa mga alternatibong auxiliary aid.

[vi] Para sa kumpletong buod ng mga naaangkop na kinakailangan, tingnan ang Mga Kinakailangan sa Access sa Wika at Mga Komunikasyon ng Tanggapan sa Pagkakapantay-pantay at Katarungan sa Lipunan ng King County sa https://kingcounty.gov/~/media/elected/executive/equity-social-justice/Immigrant-and-Refugee/LanguageAccessOrd/Language-Access-Requirements.ashx?la=en.
[vii] Tingnan ang, halimbawa, Seattle Police Department Manual 15.250.F.3. – Interpreters and Translators (Manual ng Departamento ng Pulisya ng Seattle 15.250.F.3. – Mga Interpreter at Translator), https://www.seattle.gov/police-manual/title-15---primary-investigation/15250---interpreters-and-translators.
[viii] Tingnan ang Rekomendasyon 3 para sa talakayan tungkol sa mga kwalipikadong in-person na interpreter.
[ix] Tingnan ang RCW 2.42.120.
[x] Ang seksyon lang ng GOM 16.04.00 sa Paggamit ng Mga Interpreter na naaangkop sa mga indibidwal na may LEP ay 16.04.035, na nagbabalangkas sa protocol sa paggamit sa Linya para sa Wika ng AT&T.
[xi] Tingnan ang, halimbawa, Pangkalahatang Kautusan 5.20 Sek. III (D) ng Departamento ng Pulisya ng San Francisco, Mga Serbisyo sa Access sa Wika para sa Mga Taong May Limitadong Kaalaman sa Ingles, Pagkakasunud-sunod ayon sa Kagustuhan (San Francisco Police Department General Order 5.20 Sect. III (D), Language Access Services for Limited English Proficient (LEP) Persons, Order of Preference) https://www.sanfranciscopolice.org/sites/default/files/2018-11/DG05.20%20Language%20Access%20Services%20for%20Limited%20English%20Proficient%20%28LEP%29%20Persons.pdf.
[xii] Manuel Triano- López, "The pre-trial stages of arrest and police questioning: Implications for interpreters and translators in the United States (Ang yugto ng pag-aresto at pag-interrogate ng pulisya bago ang paglilitis: Ang ibig sabihin para sa mga interpreter at translator sa Estados Unidos)."
[xiii] Tingnan ang, halimbawa, Seattle Police Department Manual 6.150 – Advising Persons of Right to Counsel and Miranda (9) "Officers Shall Include Additional Warning for the Hearing-Impaired (Manual ng Departamento ng Pulisya ng Seattle 6.150 – Pagpapabatid sa Mga Tao ng Karapatan Nilang Magkaroon ng Abugado at Tungkol sa Miranda (9) "Dapat Magsama ang Mga Pulis ng Karagdagang Babala para sa Mga May Problema sa Pandinig)"," https://www.seattle.gov/police-manual/title-6---arrests-search-and-seizure/6150---advising-persons-of-right-to-counsel-and-miranda.
[xiv] Tingnan ang King County "I Speak" Cards (Card na "Nagsasalita Ako ng" ng King County), https://kingcounty.gov/~/media/elected/executive/equity-social-justice/Immigrant-and-Refugee/LanguageAccessOrd/I_Speak_Cards_FINAL.ashx?la=en.
[xv] Tingnan ang King County Language Access Program (Programa sa Access sa Wika ng King County), https://kingcounty.gov/audience/employees/translation-interpretation.aspx.
[xvi] Ang mga auxiliary aid ay mga instrumentong ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan o impairment. Ang mga ito ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, paggamit ng mga gesture o visual aid; notepad at ballpen o lapis para makipagpalitan ng mga nakasulat na note; computer o typewriter; assistive listening system o device para mag-amplify ng tunog; teletypewriter (TTY) o videophone (serbisyo sa pag-relay ng video o video relay service o VRS); taped na text; mga kwalipikadong mambabasa; o kwalipikadong interpreter. (Pinagmulan ng Pagpapakahulugan: Manual ng Patakaran 370 ng Departamento ng Pulisya ng Spokane.)
[xvii] U.S. Department of Justice, Disability Rights Section, "Commonly Asked Questions about the Americans with Disabilities Act and Law Enforcement (Departamento ng Katarungan ng U.S., Seksyong Mga Karapatan ng Mga May Kapansanan, "Mga Madalas Itanong Tungkol sa Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan at Pagpapatupad ng Batas")," 2020, https://archive.ada.gov/q&a law.htm.
[xviii] Tingnan ang, halimbawa, Portland Police Bureau Directives Manual 06.40.36 Communication with Hearing Impaired and Limited English Proficient Persons (Manual ng Mga Direktiba ng Kawanihan ng Pulisya ng Portland 06.40.36 Pakikipag-ugnayan sa Mga Taong May Problema sa Pandinig at Limitadong Kaalaman sa Ingles), https://www.portlandoregon.gov/police/article/533213.
[xix] Tingnan ang, halimbawa, Paggamit ng Puwersa 5.1.1 ng Manual ng Mga Direktiba 1010.00 ng Kawanihan ng Pulisya ng Portland https://www.portland.gov/policies/police-directives/weapons-ammunition-equipment-1000/101000-use-force.
[xx] Kasama sa mga katangian at kundisyong ito ang: medikal na kundisyon; pagbubuntis; edad; mga senyales ng problema o kapansanan sa pag-iisip, pag-uugali, o pangangatawan; problema sa perception o cognition na nauugnay sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak; pag-iisip na magpakamatay; balakid sa wika; o pagkakaroon ng mga anak.